JANUARY
Makugihon

FEBRUARY
Mahigugmaon

MARCH
Matinabangon

APRIL
Matinahuron

MAY
Mahapsay og Malinyo

JUNE
Maabtik og Musunod sa Iksaktong Oras

JULY
Maantigo og Maabilidad

AUGUST
Maginhunahunaon para sa Uban

SEPTEMBER
Madaginoton

OCTOBER
Matinud-anon

NOVEMBER
Masaligan

DECEMBER
Maalampuon

Republic of the Philippines
Department of Education
Regional Office IX, Zamboanga Peninsula

9

Zest for Progress
Zeal of Partnership

# Filipino

## Ikalawang Markahan - Modyul 3:

### Mga Akdang Pampanitikan ng Silangang Asya(Sanaysay)



Name of Learner: ___________________________

Grade & Section: ___________________________

Name of School: ___________________________

**Filipino 9– Ikasiyam na Baitang**
**Support Material for Independent Learning Engagement (SMILE)**
**Ikalawang Markahan– Modyul 3: Mga Akdang Pampanitikan ng Silangang Asya**
**Ako si Jia Li, Isang ABC (Sanaysay)**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa **Batas Republika 8293, Seksiyon 176** na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | | |
|---|---|---|
| **Manunulat:** | Alma R. Santiago, MAED-Filipino | |
| **Editor/ Tagasuri:** | Glydell P. Calago/ Alma R. Santiago, MT-1 | |
| **Tagalapat:** | John Febb G. Vidal | |
| **Tagapamahala:** | Virgilio P. Batan, Jr., CESO VI | – Schools Division Superintendent |
| | Lourma I. Poculan | – Asst. Schools Division Superintendent |
| | Amelinda D. Montero | – Chief Education Supervisor, CID |
| | Nur N. Hussien | – Chief Education Supervisor, SGOD |
| | Riela Angela C. Josol | – Education Program Supervisor - Filipino |
| | Ronillo S. Yarag | – Education Program Supervisor, LRMS |
| | Leo Martinno O. Alejo | – Project Development Officer II, LRMS |

**InilimbagsaPilipinas ng**
**Department of Education – Region IX – Dipolog City Schools Division**
Office Address: Purok Farmers, Olingan, Dipolog City
Zamboanga del Norte, 7100
Telefax: (065)212-6986 and (065) 212-5818
E-mail Address: dipolog.city@deped.gov.ph

## *Alamin*

Gamit ng modyul na ito, ikaw ay inaasahang:
Nakapagpaliliwanag ng kaisipan, layunin at paksang ginamit sa pagbuo ng sanaysay (F9PB-IId-47)
Nakapagpaliliwanag ng sariling pananaw sa mga sitwasyong kaugnay ng paksang taglay ng binasa (F9PN-IId-4)
Nakapagpaliliwanag ng opinyon /pananaw ng may-akda tungkol sa paksa (F9PN-IId-47)

| Modyul 3 | **Mga Akdang Pampanitikan ng Silangang Asya**<br>**Ako si Jia Li, Isang ABC (Sanaysay)**<br>Modyul 3, Ikalawang Markahan |
|---|---|

## *Balikan*

Sa nakaraang modyul, natutunan mo ang hinggil sa pabula.

Gawain A. Muling Balikan ang nakaraang aralin!Sa loob ng kahon sa ibaba gumuhit ng limang iba't- ibang klase ng hayop na nagpapakita ng iba't-ibang emosyon o damdamin. Sa ibaba ng bawat guhit ay isulat kung anong emosyon o damdamin mayroon ang hayop.

**Rubriks ng Pagmamarka sa Pagguhit**

| Mga Pamantayan | Laang Puntos | Aking Puntos |
|---|---|---|
| Naiguhit ng napakahusay ang bawat klase ng hayop taglay ang emosyon o damdamin nito | 10 | |
| Naiguhit ng sadyang di-mahusayang bawat klase ng hayop taglay ang emosyon o damdamin nito | 8 | |
| Naiguhit ng katamtaman ang bawat klase ng hayop taglay ang emosyon o damdamin nito | 6 | |
| Naiguhit ng mahusay ang bawat klase ng hayop taglay ang emosyon o damdamin nito | 5 | |
| Kabuuang Puntos | 10 | |
| Puna ng guro | | |

## *Tuklasin*

Sa modyul na ito ay pag-aaralan mo ang mga pagpapaliwanag sa kaisipan, layunin, paksang ginamit, sariling pananaw,at opinyon/pananaw sa pagbuo ng sanaysay, sa paksang taglay ng binasa at opinyon/pananaw tungkol sa paksa

Gawain B: Kilalanin Ko Nga!

### Ako si Jia Li Isang ABC

**Ang selebrasyon sa Aming Pamilya**

Taas-noo o prawd na prawd niyang dala-dala ang pagiging episyente,progresibo at moderno ng bansa na kung saan siya ipinanganak niya, ang Amerika, subalit dala niya rin ang ganda at kaakit-akit ng makulay at mahabang tradisyon, kaugalian at kultura ng bansang sinilangan ng kanyang mga magulang, ang bansang Tsina.

Kapag may selebrasyon, sila ay nagiging abala sa paghahanda ng mula sampu hanggang labindalawang putahe.

**Mga sinusunod ng kanilang pamilya:**

Unang pagsunod- kapag siya ay bata pa, kailangan niyang sumunod sa magulang

Ikalawang pagsunod-kapag siya ay may asawa na ay dapat niyang sumunod sa kanyang asawa.

Ikatlong pagsunod- kapag namatay na ang kanyang asawa o kapag siya ay nabalo na ay kailangan niyang sumunod sa kanyang lalaking anak.

Si Wai Po at Ako

Kailangang mauuna munang pauupuin ang mga nakatatanda at mga bisita.

Mas gusto ng mga nakatatanda ang mga pagkaing pinasingawan o steamed kaysa piniprito.

Sila ng kanyang wai po (lola) ang pinakamalapit sa isa't-isa.

Marami siyang tinurong kultura at tradisyong Tsina.

Ang pamilya Wang sa Los Angeles, California

Feng shui - Ang sinusundan ng maraming Tsino.

- Ito raw ay giya at gabay para maisaayos ang pamumuhay nang naaayon sa limang elemento ng kalikasan: ang kahoy, apoy, lupa, metal, at tubig. Makatutulong din daw ito sa pagpapanatili ng mabuting kalusugan, kaligayahan, at kaayusan sa buhay.

Ano ang ABC?

ABC- American Born Chinese

Isang /Chinese subalit sa Amerika ipinanganak at lumaki si Jia Li.

Tsino mula sa Beijing, China ang mga magulang ni Jia Li.

Mandarin Chinese ang salitang ginagamit nila at ng iba pang miyembro ng kanyang pamilya sa bahay.

American Born Chinese, Ang karaniwang katawagan o pagkakakilanlan sa mga katulad ni Jia Li na may magulang na Tsino subalit ipinanganak at lumaki sa America

Ako si Jia Li

Labinlimang taong gulang at isang ABC.

Ako si Jia Li, Isang Abc

"Sa pagsasalubong ng Silangan at Kanluran

Mga kultura'y tradisyon magkakaiba man

Maraming bagay ang natututuhan

Na sa pananaw at isipan, lalong magpapayaman"

Mga Tanong:

1. Ano sa tingin ninyo ang layunin ng mananaysay?
   Sagot: Layunin ng mananaysay na mapaunawa sa mga mambabasa ang mga kaugalian, tradsiyon at kultura ng mga Tsino.

2. Ipaliwanag ang paksang ginamit ng mananaysay sa pagbuo ng sanaysay.
   Sagot: Ang paksang ginamit sa pagbuo ng sanaysay ay ang kaugalian, tradisyon at ugaling nakagawian ng mga Tsino.
3. Ipaliwanag ang opinyon/ pananaw ng may-akda tungkol sa paksa.
   Sagot: Sa palagay ko po, nais lamang ng may-akda na ipaintindi sa mga mambabasa ang pagiging matatag ng pamilya ng mga Tsino.

# *Suriin*

Bunga ng bibig..kabig ng isip!

"Ako si Jia Li Isang ABC ay isang sanaysay na nagpapaliwanag ng kaisipan, layunin at paksang tungkol sa kaugalian, tradisyon ng mga Tsino. Ipinaliwanag sa sanaysay kung papano pinananatili ng pamilya ng mga Intsik na kahit sila ay naninirahan ay napanatili pa rin nila ang kanilang pagiging Tsino.

Ipinakita rin at ipinaliwanag din kung gaano kalapit sa bawat miyembro ng pamilya ang mga Tsino. Sa pagpapaliwanag na ginawa ng mananaysay sa sanaysay na ito ay tahasang nagpapaliwanag sa pagiging isang Tsino.

Ang sanaysay ay isang uri ng panitikang nasusulat sa anyong tuluyan na karaniwang pumapaksa tungkol sa mga kaisipan at mga bagay-bagay na sadyang kapupulutan ng aral. (Hango sa Pluma pahina 211)

Ang **sanaysay** ay isang maiksing komposisyon na kalimitang naglalaman ng personal na kuru-kuro ng may-akda.

**Dalawang uri ng sanaysay**

**Pormal**

Ang sanaysay na palana na tinatawag din na impersonal ay naghahatid ng mahahalagang kaisipan o kaalaman sa ng makaagham at lohikal na pagsasaayos ng mga materyales tungo sa ikalilinaw ng pinakapiling paksang tinatalakay. Tinuturing din maanyo sapagkat pinag-aaralan ng maingat ang piniling pananalita kaya mabigat basahin. Pampanitikan din ito dahil makahulugan, matalinhaga, at matayutay ang mga pangugusap. Mapitagan ang tono dahil bukod sa ikatlong panauhan ang pananaw ay obhektibo o di kumikiling sa damdamin ng may-akda. Ang tono nito ay seryoso, pang-intelektuwal, at walang halong pagbibiro.

Isang uri ng pormal na sanaysay ay ang editoryal ng isang pahayagan. Isa itong sanaysay na may opinyon tungkol sa mga maiinit na mga balita. Bagama't may opinyon, ito ay hindi ginagamitan ng unang panauhan sa paglalahad.

**Di-pormal**

Ang sanaysay na di-palana na tinatawag din na personal o palagayan ay mapang-aliw, nagbibigay-lugod sa pamamagitan ng pagtatalakay sa mga paksang karaniwan, pang araw-araw at personal. Idinidiin dito ang mga bagay-bagay, mga karanasan, at mga isyung bukod sa nababakas ang personalidad ng may-akda ay maaring makiramay o maging sangkot ang mambabasa sa kanyang pananalita at parang nakikipag-usap lamang ang may-akda sa isang kaibigan, kaya magaan at madaling maintindihan. Personal din ang tawag sa uring ito dahil palakaibigan ang tono nito dahil ang pangunahing gamit ay unang panauhan. Subhektibo ito sapagkat pumapanig sa damdamin at paniniwala ng may-akda ang pananaw. (https://tl.wikipedia.org/wiki/Sanaysay )

Kilalanin ang mga kaisipan, layunin at paksang ginamit sa sanaysay. Ipaliwanag ang bawat katanungan.

1. Ang mga American Chinese ay patuloy na nagsasagawa ng kanilang mga kaugalian, kultura at tradisyon kahit pa sila ay matagal nang naninirahan sa amerika.

Paliwanag:

2. Ang malalaking okasyon sa bahay ng mga Tsino ay labis nilang pinahahalagahan at ipinagdiriwang sa pamamagitan ng isang piging na pinaghahandaan nang mula sampu hanggang labindalawang uri ng putahe.
   Paliwanag:

Maraming hinanakit ang batang American- Chinese sa deskriminasyon at uri ng pakikisamang ipinakita sa kanya ng mga puro Amerikano.

Paliwanag:

3. Naimbitahan ka sa isang pagdiriwang sa bahay ng kaibigan mong Filipino-Chinese. May mga seremonya pa silang isinasagawa na ngayon mo lang nakita. Sa tingin mo ay kakaiba ito sa iyong nakagisnan. Ano ang gagawin mo?

Paliwanag:

4. Ano kaya ang layunin ng may-akda sa paglalahad ng kanyang mga opinyon o pananaw tungkol sa paksang tinatalakay?
   Paliwanag:



## *Pagyamanin*

**Gawain C. Solong gawin aking kamtin!**

Sa bahaging ito ng inyong modyul ay magkakaroon kayo ng gawaing pansarili at alam ko na kayang-kaya mo ito sa tulong ng iyong sipag, tiyaga at determinasyon, hindi ba? Kaya, simulan na natin! Ibigay ang mga hinihinging kasagutan sa ibaba.

Sumulat ng isang sanaysay na nagpapaliwanag ng kaisipan, layunin, paksang ginamit sa pagbuo ng sanaysay, pagpapaliwanag ng sariling pananaw kaugnay sa paksa.Ipaliwanag din ang iyong opinyon o pananaw sa paksa.

**Mga Kinakaharap na Hamon ng mga Kabataan sa Panahon ng Pandemya**

Panimula:

______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________

Katawan:

______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
________________________________

Wakas/Konklusyon:

______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
___________________________________________________________________

**Rubriks ng Pagmamarka**

| **Pamantayan** | **Kahanga-hanga** | **Mahusay** | **Magaling** |
|---|---|---|---|
| **Nilalaman** | **(45-50 puntos )** | **(35-40 puntos )** | **(30-35 puntos)** |
| Pagkamalikhain sa paglahad ng ideya | Naipaliwanag ng kahanga-hanga ang sanyasay | Naipaliwanag ng mahusay ang sanaysay | Naipaliwanag ng magaling ang sanaysay |
| Istilo ng pagsulat | Kahanga-hanga ang istilo ng pagkasulat ng sanaysay | Mahusay ang istilo ng pagkasulat ng sanaysay | Magaling ang istilo ng pagkasulat ng sanay say |
| Tema ng pagsulat | Akmang-akma ang tema ng pagkasulat ng sanaysay | Akma ang tema ng pagkasulat ng sanaysay | Akma subalit may kakulangan ang tema ng pagkasulat ng sanaysay |



## *Isaisip*

Binabati kita sa layo ng iyong narating sa modyul na ito. Kayang-di ba? Ngayon, kahit na alam ko na lubos mo nang naunawaan at nakuha na natin pareho ang layunin sa araling ito, ay bibigyan pa rin kita ng isa pang pagsubok na lalong magdudulot sa iyo ng walang kapantay na karunungan sa paksang ating sabay na nilakbay.

Panuto:

Ipaliwanag ang kaibahan ng pormal sa di-pormal na sanaysay.

| **Kategorya** | **HigitnaInaasahan (5)** | **NakamitangInaasahan (4)** | **BahagyangNakamitangInaasahan (3)** | **Hindi NakamitangInaasahan (2)** | **WalangNapatunayan (1)** | **Iskor** |
|---|---|---|---|---|---|---|
| Introduksyon | Nakapanghihikayatangintroduksyon. Malinawnanakalahadangpangunahingpaksagayundinangpanlahatnapagtanawukoldito. | Nakalahadsaintroduksyonangpangunahingpaksagayundinangpanlahatnapagtanawukoldito. | Nakalahadsaintroduksyonangpangunahingpaksa subalithindisapatangpagpapaliwanagukoldito. | Hindi malinawangintroduksyon at angpangunahingpaksa. Hindi rinnakalahadangpanlahatnapagpapaliwanagukoldito. | *Hindi nakitasaginawangsanaysay. | |
| Diskusyon | Makabuluhanangbawattalatadahilsahusaynapagpapaliwanag at pagtalakaytungkolsapaksa. | Bawattalata ay may sapatnadetalye | May kakulangansadetalye | Hindi nadebelopangmgapangunahingideya | * | |
| Organisasyon ng mgaIdeya | Lohikal at mahusayangpagkakasunud-sunod ng mgaideya; gumamit din ng mgatransisyunalnapantulongtungosakalinawan ng mgaideya. | Naipakitaangdebelopment ng mgatalatasubalithindimakinisangpagkakalahad | Lohikalangpagkakaayos ng mgatalatasubalitangmgaideya ay hindiganapnanadebelop. | Walangpatunaynaorganisadoangpagkakalahad ng sanaysay. | * | |
| Konklusyon | Nakapanghahamonangkonklusyon at naipapakitaangpangkalahatangpalagay o paksabataysakatibayan at mgakatwiranginisa-isasabahaginggitna. | Naipakikitaangpangkalahatangpalagay o pasyatungkolsapaksabataysamgakatibayan at mgakatwiranginisa-isasabahaging gitna. | Hindi ganapnanaipakitaangpangkalahatangpalagay o pasyatungkolsapaksabataysamgakatibayan at mgakatwiranginisa-isasabahaginggitna. | May kakulangan at walangpokusangkonklusyon | * | |
| Mekaniks | Walangpagkakamalisamgabantas, kapitalisasyon at pagbabaybay. | Halos walangpagkakamalisamgabantas, kapitalisasyon at pagbabaybay. | Maramingpagkakamalisamgabantas, kapitalisasyon at pagbabaybay. | Napakarami at nakaguguloangmgapagkakamalisamgabantas, kapitalisasyon at pagbabaybay. | | |
| Gamit | Walangpagkakamalisaestruktura ng mgapangungusap at gamit ng mgasalita. | Halos walangpagkakamalisaestruktura ng mgapangungusap at gamit ng mgasalita. | Maramingpagkakamalisaestruktura ng mgapangungusap at gamit ng mgasalita. | Napakarami at nakaguguloangpagkakamalisaestruktura ng mgapangungusap at gamit ng mgasalita. | * | |
| Kabuuan | **https://www.google.com/search?q=Rubriks+ng+sanaysay&rlz=1C1SQJL_enPH908PH908&tbm=isch&source=iu&ictx=1&fir=uYv4tMXadVjwvM%252C0OYfcMEGZ5doBM%252C_&vet=1&usg=AI4_-kQ5T-TrJIKWlSifR-Ds74RzBR4GXg&sa=X&ved=2ahUKEwje0Mqq-_7sAhUHhZQKHWAZBBwQ9QF6BAgCEEk&biw=1366&bih=625#imgrc=uYv4tMXadVjwvM** | | | | | |



# *Tayahin*

Opinyon ko.Paliwanag ko! Isang hirit nalang talaga ng inyong guro para naman lubos akong kampante na talagang nakuha ninyo ng buong-buo ang layunin o target ng buong modyul na ito. Kaya heto ang inyong gagawin.

**Panuto: Ipaliwanag sa iyong sariling pananaw,kaisipan, opinyon ang tungkol sa mga banyaga na kagaya nating mga Pilipino na mahilig mag maygreyt sa ibang bansa partikular na sa bansang Amerika. ( 20 puntos )**

Pamagat

https://mail.google.com/mail/u/0/#inbox?projector=1

## *Isagawa/ Karagdagang Gawain*

Gawain E. Kakayanin ko..Gagawin ko..kaya go ako!

Hello! Isang hirit na lang talaga.Pwede bang bibigyan ko kayo ng baon ng karunungan sa paglalakbay na ito? Para naman meron kayong ekstrang dunong na dala-dala sa sususnod pang paglalakbay sa hamon ng dunong-lakbay. Ito ang gagawin niyo…

Sa inyong kwadernong pantakdang-aralin, ipaliwanag muli ang sanaysay ng Akdang- Asyanong “Ako si Jia Li Isang ABC” Ikaw naman ngayon ang magbigay ng sarili mong opinyon o pananaw tungkol sa paksang pinag-uasapan nina Jia Li. Ano kaya ang layunin ng may-akda sa paglalahad ng kanyang mga opinyon tungkol sa paksang tumatalakay sa kalagayan at uri ng pamumuhay ng mga taong nagmamaygreyt o mga taong naging dayuhan sa ibang bansa? (20 puntos)



# *Susi sa Pagwawasto*

Iba-iba ang sagot depende sa kakayahan ng mag-aaral. (Gamitin ang rubric na nasa itaas para sa lahat ng mga gawain)

# *Sanggunian*


(Hango sa Pluma pahina 211)
(https://tl.wikipedia.org/wiki/Sanaysay

https://mail.google.com/mail/u/0/#inbox?projector=1

(https://tl.wikipedia.org/wiki/Sanaysay